

Mga Bakuna sa COVID-19

Mga Karaniwang Alalahanin at Tamang Impormasyon

NAG-AALALA AKO NA...

Magkakaroon ako ng COVID-19 mula sa bakuna.

TAMANG IMPORMASYON

Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna.

Hindi naglalaman ang mga bakuna sa COVID-19 ng virus na nagdudulot ng COVID-19.

NAG-AALALA AKO NA...

Hindi ligtas at hindi gumagana ang mga bakuna.

TAMANG IMPORMASYON

Ligtas at epektibo ang mga bakuna sa COVID-19.

Sinubukan ang mga bakuna sa libo-libong kalahok sa mga klinikal na pagsubok. Natugunan ng mga ito ang mahihigpit na siyentipikong pamantayan ng FDA para sa kaligtasan, pagiging mabisa, at kalidad sa paggawa na kailangan para suportahan ang pahintulot sa pang-emergency na paggamit o ganap na pag-apruba. Nakitang napakabuti ng lahat ng ito para pigilang magkasakit ang mga tao dahil sa COVID-19.

NAG-AALALA AKO NA...

Naglalaman ng tissue ng fetus ang bakuna ng Johnson & Johnson.

TAMANG IMPORMASYON

Hindi naglalaman ang bakuna ng Johnson & Johnson ng mga bahagi ng mga fetus o cell ng fetus.

Ginawa ang bakuna gamit ang parehong teknolohiyang ginamit sa maraming iba pang bakuna. Ang isang piraso ng bakuna ng ay gawa sa loob ng mga kopya ng mga cell na pinalago sa laboratoryo na orihinal na nagmula sa mga boluntaryong pagpapalaglag na naganap noong mahigit 35 taon na ang nakalilipas. Mula noon, ang mga linya ng cell para sa mga bakunang ito ay pinanatili sa laboratoryo. Walang karagdagang pinagkunan ng mga cell ng fetus ang ginamit para gawin ang mga bakunang ito. Maaaring bago itong impormasyon para sa ilang tao. Gayunpaman, ang mga bakuna para sa bulutong, tigdas-hangin (rubella) at hepatitis A ay ginagawa sa parehong paraan.

NAG-AALALA AKO NA...

Nagdudulot ang mga bakuna sa COVID-19 ng pagkabaog o impotence.

TAMANG IMPORMASYON

Hindi nakikipag-ugnayan ang mga bakuna sa iyong mga organ para sa reproduksiyon.

Makatuwiran ang iyong mga alalahanin sa kalusugang pangreproduksiyon at mga bakuna. Ito ang nalalaman namin: walang siyentipikong ebidensiya na nagdudulot ng pagkabaog o impotence ang mga bakuna. Kapag pumasok ang bakuna sa iyong katawan, nakikipagtulungan ito sa iyong immune system para gumawa ng mga antibody para labanan ang coronavirus. Hindi kilalang nakakagambala ang prosesong ito sa iyong mga organ para sa reproduksiyon.

NAG-AALALA AKO NA...

Hindi ko kailangan ang bakuna kung nagkaroon na ako ng COVID-19.

✓ TAMANG IMPORMASYON

Dapat ka pa ring magpabakuna kung nagkaroon ka na ng COVID-19.

Ipinapakita ng datos na hindi karaniwang muling magkaroon ng impeksiyon ng COVID-19 sa loob ng 90 araw pagkatapos mong magkaroon ng impeksiyon. Ang ibig sabihin ay maaaring may ilang proteksiyon ka mula sa COVID-19 (tinatawag na likas na immunity) para sa ilang panahon. Gayunpaman, hindi natin alam kung gaano magtatagal ang likas na immunity.

NAG-AALALA AKO NA...

Ang mga bakuna ay may mga microchip na sumusubaybay sa mga tao.

✓ TAMANG IMPORMASYON

Hindi naglalaman ang mga bakuna ng microchip o tracking device.

Naglalaman lang ang mga bakuna ng aktibong sangkap na tumutulong sa iyong katawan na gumawa ng mga antibody para labanan ang COVID-19, pati ng mga taba, asin, at asukal.

NAG-AALALA AKO NA...

Hindi ligtas ang mga bakuna sa COVID-19 para sa mga taong buntis o nagpapasuso.

✓ TAMANG IMPORMASYON

Inirerekomenda ng mga medikal na eksperto sa pagbubuntis at panganganak ang bakuna sa COVID-19 para sa mga taong buntis, nagpapasuso, o nagpaplanong maging buntis.

Ipinapakita ng datos na ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas sa panahon ng pagbubuntis. Sa katunayan, ipinapakita ng ilang pag-aaral na maaaring maipasa ng nabakunahang magulang ang mga antibody laban sa COVID-19 patungo sa kanilang sanggol sa pamamagitan ng pagbubuntis at pagpapasuso. Ang mga taong buntis ay nasa panganib na magkaroon ng malalang sakit mula sa COVID-19, kabilang ang pagkamatay. Ang mga bakuna ang pinakamainam na proteksiyon.

NAG-AALALA AKO NA...

Babaguhin ng mga bakuna sa COVID-19 ang aking DNA.

✓ TAMANG IMPORMASYON

Hindi binabago ng mga bakuna sa COVID-19 ang iyong DNA at wala itong epekto rito.

Ang lahat ng bakunang mayroon ay naghahatid ng mga tagubilin sa ating mga cell para magsimulang bumuo ng proteksiyon laban sa virus na nagdudulot ng COVID-19. Hindi pumapasok ang bakuna sa bahagi ng cell kung nasaan ang ating DNA. Sa halip, gumagana ang mga bakuna sa mga natural na depensa ng ating katawan para magkaroon ng immunity.

NAG-AALALA AKO NA...

Magkakaroon ako ng pamumuo ng dugo pagkatapos kong mabakunahan.

✓ TAMANG IMPORMASYON

Lubos na mababa ang panganib na magkaroon ng mga pamumuo ng dugo.

Halimbawa, lubos na mas mababa ang panganib kumpara sa panganib na mamuo ang dugo dahil sa paggamit ng pampigil sa pagbubuntis, na ginagamit ng milyon-milyong kababaihan araw-araw. Gayunpaman, inirerekomenda ng Washington State Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington) na kumuha ka ng mRNA na bakuna sa COVID-19 (Pfizer-BioNTech o Moderna) sa halip na bakuna ng Johnson & Johnson (J&J) dahil sa posibleng panganib nito.

Mayroon pa ring bakuna ng J&J kung hindi ka makakakuha o hindi ka handang kumuha ng mRNA na bakuna. Makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa panganib nito sa iyo.